## APPLICATION

- Tinalikuran mo na ba ang kasalanan at lumapit na sa Diyos? Ano ang dapat mong talikdan upang mas makilala pa ang Diyos?
- Papaano mo mas makikilala pa ang Diyos ngayong linggo? Papaano ka magiging mas katulad pa ni Kristo sa pang-araw-araw?
- Sino ang matutulungan mong makilala ang Diyos, tumalikod sa kasalanan, at lumapit sa Kanya? Papaano mo siya matutulungang sumunod kay Jesus ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa kung sino Siya at kung paano ka Niya niligtas. Kilalanin na hindi mo kayang iligtas ang sarili mo at kailangan mo ang Diyos araw-araw.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na sumunod sa Kanyang kaparaanan at sundin Siya. Mangakong tatalikod sa kung ano man ang hindi nakakalugod sa Kanya.
- Angkinin ang pangakong pagbabago ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang grasya at manalangin na ang bago mong pamumuhay ay makakahikayat ng marami pa na lumapit sa Kanya.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph



# Kasama Siya

## NOTES

## WARM-UP

- Anong asignatura sa paaralan ang lubos kang nasiyahan? Ano ang nagustuhan mo rito?
- Anong pinagkukunan ng balita ang pinagkakatiwalaan mo ng lubos? Bakit?
- Sa iyong paglaki, sino ang sinubukan mong gayahin? Papaano mo siya ginaya?

**WORD**

*Sapagkat alam na ng Diyos noon pa man kung sino-sino ang kanyang magiging mga anak. At sila'y itinalaga niyang matulad sa kanyang Anak na si Jesus para siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid.*
**ROMA 8:29**

---

Nang inlagay natin ang ating pananalig sa ganap na gawa ni Kristo sa krus, hinahayaan natin ang Diyos na baguhin tayo—hinuhulma tayo sa kaanyuan ng Kanyang Anak. Sa kabutihan ng Diyos, tayo ay nababago araw-araw at lalong nagiging tulad ni Jesus sa pagtalikod natin sa lumang buhay ng kasalanan at pagpili nating mamuhay ng may grasya. Ang grasya ng Diyos ang nagbibigay kakayahan sa ating magbago habang pinagdadaanan natin ang prosesong ito na may tatlong bahagi.

## 1 Alamin ang katotohanan.

*Hindi ba't alam na ninyo ang tungkol kay Jesus? At bilang mga mananampalataya niya, hindi ba't naturuan na kayo ng katotohanang nasa kanya?* **EFESO 4:21**

Ang pag-alam ng katotohanan ay ang simula ng pagbabago. Higit pa sa kaalaman na sa isip lamang, ang paghahayag ng katotohanan ang nagbabago sa atin—ang pagkakakilala kay Jesus at pagkakaroon ng yumayabong na ugnayan sa Kanya. Ayon sa Roma 12:2, papaano nangyayari ang pagbabagong ito?

## 2 Talikuran ang kasalanan.

*[22]Kaya talikuran n'yo na ang dati ninyong pagkatao. Ang pagkataong ito ang siyang nagpapahamak sa inyo dahil sa masasamang hangarin na dumadaya sa inyo. [23]Baguhin n'yo na ang inyong pag-iisip at pag-uugali.* **EFESO 4:22,23**

Kapag tunay tayong naniniwala sa isang bagay, makikita ang paniniwala natin sa ating galaw. Ibig sabihin ng paniniwala natin sa katotohanan ng Diyos ay ang pagpili natin sa buhay ng Diyos at Kanyang kaparaanan, kasama na rito ang pagtalikod natin sa nakaraang buhay ng kasalanan. Ibahagi kung papaano nabago ang iyong buhay ng tinanggap mo ang kaparaanan ng Diyos. Ano ang dahilan ng pagtanggap mo sa pagbabago na ito?

## 3 Lumapit sa Diyos.

*Ipakita n'yong binago na kayo ng Diyos at binigyan ng buhay na matuwid at banal katulad ng sa Diyos.* **EFESO 4:24**

Ang pangako ng pagbabago ay hindi lamang humihinto sa pagbabago ng isip o mga kinagawian. Ito ay ang malalim na gawain ng pagiging tulad ni Kristo—ang araw-araw na pagbabago na nagsisimula sa pagsunod sa Kanya (Lucas 9:23). Sinusunod natin ang Diyos hindi upang maligtas tayo kundi dahil tayo ay iniligtas na. Ano sa palagay mo ang kahulugan ng pagiging matuwid at banal katulad ng sa Diyos?